*Isang panlipunang inisyatiba ng:*

Parkway Laboratories



# Helping our Helpers

## May mga pagsusuri o screening test para sa kanser sa cervix, nang walang bayad, para sa mga banyagang kasambahay

*Mayroon ilang pagsusuri o screening tests na makukuha nang first-come, first-served*


### Bakit kanser sa kwelyo ng matris (cervix)?

Ang kanser sa cervix ay maiiwasan sa pamamagitan ng screening at pagpapabakuna.[1]

Sa buong mundo, ang kanser sa cervix ay pang-apat na pinakakaraniwang kanser sa mga kababaihan.[2] Ang kanser sa cervix din ang pangatlong pinakakaraniwang kanser na nakakaapekto sa mga kababaihan sa Pilipinas at ang pangalawang pinakakaraniwang kanser sa mga kababaihan sa Indonesia, India at Myanmar[3]







### Ano ang sanhi ng kanser sa cervix?

Halos lahat ng kanser ng kwelyo ng matris ay dulot ng Human papillomavirus (HPV). Pagdating ng edad 50 taong gulang at pataas, hindi bababa ng 4 sa 5 bababe ang nagkaroon na ng HPV nang minsan sa buhay nila – ngunit maraming babae ang nag-iisip na hindi sila maaapektuhan ng HPV.

Bagamat may mahigit 100 uri ng HPV, may 14 sa kanila na high-risk o pinakadelikadong uri na nagdudulot ng kanser sa cervix.[5,6] Tinitingnan sa pagsusuri kung mayroon high risk or pinakadelikadong uri ng HPV bago pa magkaroon ng mga pagbabago sa cervix, at bago pa magkaroon ng kanser.

Ang impeksyong dulot ng HPV ay maaaring makuha sa pakikipagtalik, pero likas itong napapagaling ng katawan. Gayunpaman, ang impeksyon dulot ng HPV na hindi gumagaling ay maaaring magdulot ng abnormal na pagbabago sa cervix na maaaring maging kanser sa cervix.[7]

Hindi mahalaga kung sa isang tao ka lang nakipagtalik sa buong buhay mo; maaaring nasa panganib ka pa rin.

### Para saan ang pagsusuri o screening na ito?

Ang screening at maagang pagtukoy ang isa sa mga pinakamainam na paraan para maprotektahan ang iyong sarili laban sa kanser sa cervix.

May dalawang uri ng pagsusuri na screening: Pap test at pagsusuri para sa high risk o pinakadelikadong HPV.

Ang pap test ay ginagawa para tingnan kung mayroong abnormal na pagbabago sa cervix. Gayunpaman, malalaman ng doktor ayon sa pagsusuri sa high risk o pinakadelikadong HPV kung may posibilidad kang magkaroon ng kanser sa cervix bago may lumitaw na anumang abnormal sa Pap test.

**Pangalagaan ang iyong sarili para mapangalagaan mo ang iyong pamilya.**

Ang **Helping our Helpers** ay isang proyekto na corporate social responsibility ng kumpanya (corporate social responsibility, CSR) na nag-aalok ng libreng screening para sa cervix para sa 500 banyagang kasambahay sa Singapore. Bukas ang programa sa mga kasambahay na nasa 30 - 69 na taong gulang.

## *Mga bagay na dapat malaman*

### Bilang employer:

- Mangyaring tandaan na nagbibigay ang programang Helping our Helpers ng libreng screening para sa kanser sa cervix (kabilang ang konsultasyon), gamit ang isang pagsusuri para sa high risk o pinakadelikadong HPV para sa inyong kasambahay.
- Mangyaring basahin ang inyong policy sa insurance para sa mga saklaw ng karagdagang paggamot kung kinakailangan (mangyaring tingnan ang FAQ para sa mga Employer)
- May anim na lokasyon na mapupuntahan para sa pagpapasuri: Bethesda Medical @ Ang Mo Kio, Beach Rd, Macpherson, Margaret, Toa Payoh, Yishun
- Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang FAQ para sa mga Employer

### Bilang kalahok:

- Aabutin ang iyong appointment sa pagsusuri nang humigit-kumulang 30 minuto
- Maaaring isagawa ang screening sa isa sa anim na klinika ng Bethesda Medical
- Matatanggap mo ang mga resulta sa loob ng 2 - 3 linggo pagkatapos ng pagsusuri
- Papayuhan kayo ng tungkol sa susunod na hakbang kung kianakailangan.
- Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang FAQ para sa Mga Kasambahay

## *Magpalista na para sa programang Helping our Helpers ngayon!*

**Kung gusto mong maging bahagi ng programang Helping our Helpers, maaari kang magpa-appointment sa mga klinika sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.**

**Mangyaring banggitin ang "Programang Helping our Helpers" kapag nagpapa-appointment.**

**Bethesda Medical @ Ang Mo Kio**
Blk 709 Ang Mo Kio Ave 8 #01-2583 Lot A, S560709
Telepono: 6428 6084

**Bethesda Medical @ Beach Rd**
152 Beach Rd, #03-08 Gateway East, S189721
Telepono: 6299 5398

**Bethesda Medical @ Macpherson**
Grantral Mall, #01-03/04, 601 Macpherson Road, S368242
Telepono: 6904 6678

**Bethesda Medical @ Margaret**
38 Margaret Drive #02-03, S141038
Telepono: 6322 3886

**Bethesda Medical @ Toa Payoh**
Blk 500 Toa Payoh Lorong 6, #04-33, Toa Payoh Hub, S310500
Telepono: 6253 5600

**Bethesda Medical @ Yishun**
Blk 293 Yishun St 22, #01-223, S760293
Telepono: 6428 6081

**Mga oras ng klinika para sa Helping our Helpers: Tuwing Huwebes mula 10:00am - 12:00pm**

**Mayroon ilang pangsusuri o screening tests na makukuha nang first-come, first-served**

**Mga Sanggunian: 1.** Centers for Disease Control and Prevention. Cervical Cancer is Preventable. Makikita sa: https://www.cdc.gov/vitalsigns/cervical-cancer/[huling na-access noong Abr, 2024] **2.** World Health Organization. Human papillomavirus (HP\/) and cervical cancer. Makikita sa: https://www.who.int/news-room/fact-sheets/detail/cervical-cancer[huling na-access noong Abr, 2024]. **3.** World Health Organization. Population factsheets Nakuha noong Abril 17, 2024 mula sa https://gco.iarc.fr/today/en/fact-sheets-populations#countries **4.** Centers for Disease Control and Prevention. Basic Information about HPV and Cancer. Makukuha sa: http://www.cdc.gov/cancer/hpv/basic_info/ [huling na-access noong Abr, 2024]. **5.** Kari P Braaten, M. (2008). Human Papillomavirus (HPV), HPV-Related Disease, and the HPV Vaccine. Reviews in Obstetrics and Gynecology, [online] 1 (1), p.2. Makikita sa: http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2492590/ [huling na-access noong Marso, 2016]. **6.** de Sanjose S, Quint WG, Alemany L, et al. Human papillomavirus genotype attribution in invasive cervical cancer: a retrospective cross-sectional worldwide study. Lancet Oncol 2010; 11:1048-1056. **7.** American Cancer Society. Cancer Facts and Figures 2015. Makikita sa: http://www.cancer.org/acs/groups/ content/@editorial/documents/document/acspc-044552.pdf [huling na-access noong Marso, 2016].

Sa pakikipagtulungan sa:

Bethesda Medical · KK Women's and Children's Hospital SingHealth · The Society for Colposcopy and Cervical Pathology of Singapore · IGCS International Gynecologic Cancer Society · Roche

REF: MC-SG-00330, JUN/2024